Republic of the Philippines
**Department of Education**
National Capital Region
**DIVISION OF CITY SCHOOLS**
City of Mandaluyong
Tel. no. 533-60-85 Fax. no.532-71-17
E-Mail Address: depedmandaluyongy@gmail.com
Official Website: depedmandaluyong.wordpress.com

Hulyo 21, 2014

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RELEASED
BY:
DATE 7/21/14 4:30
MANDALUYONG

**MEMORANDUM**

PARA SA: Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Pansangay /Pampurok na Tagamasid
Punungguro, Pampubliko at Pribadong Paaralan, Lebel Elementarya at Sekondarya

## PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2014

1. Ipinagbibigay-alam sa larang na ang sangay ay magkakaroon ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ngayong Agosto 1-31, 2014 na may temang **"FILIPINO: WIKA NG PAGKAKAISA".**

2. Kalakip nito ang Memorandum Panrehiyon Blg. 142 s. 2014 at Memorandum Pangkagawaran Blg. 63 s. 2014 na pinamagatang ***"Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2014".*** Ang nilalaman ay para sa kabatiran at kapakinabangan ng nakararami.

3. Kaugnay nito, ang sangay ay magdaraos ng sumusunod na timpalak para sa elementarya at sekondarya kahanay ang oras, petsa at lugar ng pagdarausan ng bawat timpalak.

| TIMPALAK | ELEMENTARYA | SEKONDARYA |
|---|---|---|
| Reader's Theater | Agosto 18, 2014, Biyernes, PPCES, 1:00 nh | Agosto 12, 2014, Martes, BJNHS , 8:00 nu |
| Tagisan ng Talino | | Agosto 12, 2014, Martes, BJNHS, 1:00 nh |
| Balagtasan | | Agosto 20, 2014, Miyerkules, MPNAG, 1:00 nh |
| Madulang Sabayang Pagbigkas | Agosto 19, 2014, Martes, HHIS, 1:00 nh | Agosto 16, 2014, Sabado, HHIS, 1:00 nh |
| Masining na Pagkukuwento | | Agosto 8, 2014, Biyernes, ILIS, 1:00 nh |
| **Pangwakas na Palatuntunan: Agosto 30, 2014, Sabado, ERIS, 1:00 nh** | | |

4. Ang mga mananalo ng unang gantimpala sa bawat timpalak sa parehong antas ang siyang kakatawanin ng sangay sa Panrehiyong Timpalak.

5. Ang krayterya, piyesa at mga tuntunin sa bawat timpalak ay naibigay na sa mga puno ng kagawaran/tagapag-ugnay ng Filipino sa naganap na mga pansangay na pagpupulong.

6. Hinihiling sa mga punungguro na bigyang-pansin ang probisyon hinggil sa ***"no disruption of classes"***.

7. Ang anumang gugol na magagamit ng paaralang pagdarausan ng mga timpalak ay maaaring manggaling sa MOOE ng paaralan na sasailalim sa kinagawiang panuntunan sa pagsusuma at pag-aawdit.

8. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap ng **memorandum** na ito.

**EVANGELINE P. LADINES, CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala

Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON
(DEPARTMENT OF EDUCATION)
PAMBANSANG PUNONG REHIYON
(NATIONAL CAPITAL REGION)
Daang Misamis, Bago Bantay, Lungsod Quezon
(Misamis St., Bago Bantay, Quezon City)

(6)

Department of Education
National Capital Region
RECORDS AND PUBLICATION UNIT
RELEASED
By:
Date: JUL 14 2014 Time:

Hulyo 10, 2014

# MEMORANDUM
Blg. 142 s. 2014

## PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2014

Para sa: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 63 s. 2014 na pinamagatang "***Buwan ng Wikang Pambansa 2014,***" na ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa na idinaraos tuwing Agosto 1 – 31 ayon sa Pampangulong Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 na may temang **"FILIPINO: WIKA NG PAGKAKAISA,"** at ang nilalaman ay para sa kaalaman at kapakinabangan ng nakararami.

2. Inaasahan ang madalian at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

for: **LUZ S. ALMEDA**
Direktor IV

RONCIANO A. MENGUITO
Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge
Office of the Assistant Regional Director
Officer-In-Charge

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg. 63 s. 2014
Ilalagay sa Palaging Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
Celebrations and Festivals
Curriculum
Learning Area, FILIPINO
Schools

#5170
DIVISION OF CITY SCHOOLS
RECEIVED
By: Joseph
Date: 18 JUL 2014
Time: 9:00Am
MANDALUYONG

atmanalo2014/weng14/buwan ng wika 2014

Republic of the Philippines
# Department of Education

09 JUN 2014

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 63, s. 2014

## BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2014

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1-31, 2014 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Wika ng Pagkakaisa.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. magamit ang wika sa pamamagitan ng pagsasalin bilang instrumento sa wika ng kapayapaan;
   c. maipakita ang kahalagahan ng wika na higit na nauunawaan ng nakararami para sa pambansang pagkakaisa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

- Ang Wika ng Usaping Pangkapayapaan ay Wika ng Pagkakasundo;
- Ang Wikang Nauunawaan ng Nakararami ay Wika ng Kapayapaan;
- Ang Wika ng Pagsasalin ay Wika ng Pagkakaunawaan; at
- Ang Wika ng Kapayapaan ay Wika ng Pambansang Pagkakaisa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang magiging gabay at batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa loob ng isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng palatuntunan.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)
2/F Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel Street, San Miguel, Manila
Telepono Blg.: (02) 736-2519

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Sanggunian:

Memorandum Pangkagawaran Blg. 89, s. 2013

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
Learning Area, FILIPINO
SCHOOLS

Sally: Buwan ng Wika
0380-Mayo 21, 2014/6-5